
SENIOR HIGH SCHOOL

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino sa Piling Larang (Akademik)

## Ikalawang Markahan
## Modyul 11
## Pagbibigay Kahulugan sa mga Terminong Akademiko sa Iba't ibang Sulatin



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_FILIPINO12_AKADEMIK_MODYUL11

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino sa Piling Larang**
**(Akademik)**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan-Modyul 11**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Grace I. Yumul at Alfred S. Mendoza

**Editor:** Rosarie R. Carlos

**Katuwang na Editor:** Alfred S. Mendoza

**Tagasuri:** Rosarie R. Carlos

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Raphael A. Lopez

**Tagapamahala:** Wilfredo E. Cabral
Arnulfo M. Balane
Micah G. Pacheco
Ma. Gloria G. Tamayo
Dennis M. Mendoza
Dr. Meliton R. Zurbano
Filmore R. Caballero
Jean A. Tropel
Rosarie R. Carlos

**Inilimbag sa Pilipinas ng ______________________**

**Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985
E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph

SENIOR HIGH SCHOOL

# Filipino sa Piling Larang (Akademik)

## Ikalawang Markahan
## Modyul 11
## Pagbibigay Kahulugan sa mga Terminong Akademiko sa Iba't ibang Sulatin

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling Pagbibigay Kahulugan sa mga Terminong Akademiko sa Iba't ibang Sulatin!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagbibigay Kahulugan sa mga Terminong Akademiko sa Iba’t ibang Sulatin!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang paTunguhing Wikaang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Pagbati! Matagumpay mong naisakatuparan ang mga gawain sa nakaraang modyul. Ngayon ay nasa ika-10 na modyul na tayo at inaasahang muli na magiging makabuluhan at kawili-wili ang iyong magiging karanasan sa pagtugon sa mga gawaing nakapaloob sa araling ito.



## *Alamin*


Magandang Araw!

Halina't sabay nating pag-aralan ang mga araling nakapaloob sa modyul na ito na naglalaman ng mga pamamaraan sa pagbibigay kahulugan ng isang salita lalo na ang mga terminong ginagamit sa mga piling sulatin. Sa modyul na ito ay mayroong mga inihandang gawain o pagsasanay na kinakailangan mong sagutin. Ito ay may malaking gampanin upang mas mapalawak pa ang iyong pag-unawa tungkol sa paksang ito.

Ang modyul na ito ay dinisenyo upang ikaw ay matulungan na matamo ang kasanayan at kabihasaan na makapagbigay ng pagpapakahulugan ng mga terminong akademiko na may kaugnayan sa iba't ibang uri ng sulatin.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaaasahang:

- Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong akademiko na may kaugnayan sa piniling sulatin. **(CS-FA11/12PT-Om-o-90)**



## *Subukin*

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sulating akademiko ang magkatulad ang kahulugan ng terminong "paksa"?
   A. Bionote at abstrak
   B. Pictorial essay at agenda
   C. Katitikan ng pulong at agenda
   D. Panukalang proyekto at posisyong papel
2. Ang terminong ____________ ay tumutukoy sa taong pinag-uusapan sa Bionote.
   A. Paksa
   B. Pagkakakilanlan ng tao
   C. Edukasyon kung saan natapos ang pinag-uusapan
   D. Mga natatanging ambag ng tao s alipunang ginagalawan
3. Ang Layunin, Rasyunal, Katwirang lohikal, at Konklusyon ay mga katawagan sa _________________.
   A. Bionote    C. Posisyong Papel
   B. Panukalang Proyekto    D. Talumpati
4. Ano ang tanging pahayag sa ilalim ng larawan?
   A. Banggit    C. Kapsyon
   B. Indensyon    D. Lebel

5. Ang legal o nasusulat na batayan ng posisyong papel ay tinatawag na __________.
    A. Batayan
    B. Konklusyon
    C. Legal
    D. Rasyunal

| Aralin 11 | Pagbibigay Kahulugan sa mga Terminong Akademiko sa Iba't ibang Sulatin |
|---|---|



## *Balikan*

**Panuto:** Piliin sa Hanay B ang mga Terminong matatagpuan sa mga akademikong sulatin sa Hanay A. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Bionote | A. Kapsyon |
| 2. Talumpati | B. Budget |
| 3. Abstrak | C. Susing salita |
| 4. Panukalang Proyekto | D. Apila sa madla |
| 5. Pictorial Essay | E. Mga natatanging ambag |




***Mga Tala para sa Guro***

Ang talas ng pandinig, bilis ng pagsulat at linaw ng pag-iisip ang kasanayan na gagamitin ng mag-aaral sa pagbibigay ng kahulugan ng mga terminong akademiko sa iba't ibang sulatin. Bilang guro, tungkulin nating punan ang mga pagkukulang na ito upang maging madali sa mga mag-aaral ang pagkilala sa mga akademikong sulatin.





# *Tuklasin*

**Panuto**: Pagtabihin ang mga ulap na kakikitaan ng mga magkakatulad na katawagan sa mga halimbawa nito. Gumuhit ng kidlat sa pagitan ng dalawang ulap at isulat doon ang mga salitang parehong matatagpuan sa dalawang sulatin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




**Halimbawa:**




# *Suriin*

**Pagbibigay Kahulugan sa mga Terminolohiya sa mga Piling Sulatin**

| Akademikong Sulatin | Terminolohiya | Kahulugan |
|---|---|---|
| Abstrak | Paksa | Tumutukoy sa paksa ng pananaliksik |
| | Susing salita | Mga mahahalagang katawagan |
| | Kinalabasan | Ang resulta ng pag-aaral at pagsusuri sa mga datos |
| | Konklusyon | Ang natatanging ideya na nagmula sa kinalabasan ng pag-aaral |
| | Rekomendasyon | Mga mungkahi sa aplikasyon at pag-papaunlad ng pananaliksik |

| | | |
|---|---|---|
| Bionote | Pangalan<br><br>Edukasyon<br><br>Mga natatanging ambag | Ang paksa ng bionote na inilalarawan sa sulatin<br>Ang kasaysayan ng pag-aaral o tinapos na *degree* ng paksa<br>Koleksyon ng mga tagumpay, nilimbag na sulatin, at mga karangalang natamo ng paksa. |
| Panukalang Proyekto | Pamagat<br><br>Layunin<br><br>Tagapamahala<br><br>Budget<br><br>Time line | Pangalan ng proyekto<br><br>Ang pakay ng paglulunsad ng proyekto<br><br>Ang may hawak ng responsibilidad sa pagsasakatuparan ng proyekto<br>Ang halaga ng salaping gagamitin sa proyekto<br>Ang iskedyul ng pagsasakatuparan ng proyekto. |
| Talumpati | Panimula<br><br>Argumento<br><br>Apila sa Madla<br><br>Konklusyon | Ang pantawagpansin sa mga tagapakinig at naglalaman ng paksa ng talumpati<br>Ang paninindigan ng mananalumpati<br><br>Ang kahilingan sa madla ng mananalumpati<br><br>Ang kabuuang kaisipan ng mga pahayag at argumento ng talumpati. |
| Posisyong Papel | Layunin<br><br>Rasyunal<br><br>Katwirang lohikal<br><br>Konklusyon | Pakay ng manunulat sa pagsulat ng posisyon<br>Ang legal o nasusulat na batayan ng posisyong papel<br><br>Ang pagkakahanay ng mga premis at lohikal na batayan ng paninindigan sa sulatin<br><br>Ang pangkalahatang kaisipan ng paninindigan ng posisyong papel |
| Replektibong Sanaysay | Panimula<br><br>Siniping pahayag<br><br>Katawan<br><br>Konklusyon<br><br>Sanggunian | Pagpapakilala ng paksa ng sanaysay<br><br>Ang mga patunay sa kaisipan na pinatutunayan sa sulatin<br>Ang naglalaman ng mga konsepto at impormasyon tungkol sa paksa<br>Ang nabuong kaisipan mula sa mga katwirang binigyang katwiran sa sulatin<br>Ang listahan ng mga batayan kung saan hinango ang mga impormasyon |
| Pictorial Essay | Mga larawan<br><br>Kapsyon<br><br>Konklusyon | Ito ang makahulugang larawan na bibibigyan ng kahulugan sa paglalahad ng sanaysay<br>Ito ang tanging pahayag sa ilalim ng larawan<br><br>Ang pangkalahatang kaisipan na nabuo sa pinagsama-samang ideya mula sa kahulugan ng mga larawan |


| | | |
|---|---|---|
| Lakbay-sanaysay | Larawan | Ang lugar na tinungo ng manlalakbay, mga taong nakasalamuha, pafkain, kultura at iba pang mga representasyon ng lugar |
| | Transportasyon | Pamamaraan sa pagtungo sa lugar |
| | Gugulin at budget | Ang salaping kailangang ihanda kung magbabalak na tumungo sa itinampok na lugar |
| | Mga tampok na pagkain | Ang pang-akit ng mga manunulat at karagdagang impormasyon sa pook |
| | Landmark | Mga tanyag na pook na kilala ng lahat at madaling matandaan |



## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

**Panuto:** Isulat sa loob ng ***Double Bubble Map*** ang mga kahulugan terminong “Larawan” at “Paksa” batay sa nakaugnau na uri ng sulatin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.




**Gawain 2**

**Panuto:** Basahin ang *excerpt* ng halimbawang Abstrak sa baba. Suriin ang mga ginamit na termino at ipaliwanag ang kahulugan nito. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

**Abstrak**

**TEKSTO AT KONTEKSTO TUNGO SA KOMUNIKATIBONG PAGSASALIN NG THE CONFUCIAN BIBLE BOOK 1. ANALECTS**

*Alfred Salao Mendoza*

*Mga susing salita:* <u>Komunikatibo</u>, <u>*translation*</u>, <u>konteksto</u>, at <u>teksto</u>

Ang pag-aaral na ito ay isang deskriptibong pananaliksik na nilalayong maisalin sa Filipino ang aklat na The Confucian Bible Book 1 Analects na nakasulat

sa wikang Mandarin at Ingles. Sa pagtatamo ng nasabing layunin, ginamit sa pag-aaral na ito ang komunikatibong teorya ni Newmark (1988) upang ang salin ay magkaroon ng himig na madaling maunawaan ng mga mambabasang mag-aaral na Tsinoy na kasalukuyang nasa baitang 11 at 12.

Ang pagsasaling ito ay nagmumungkahi ng bagong pamamaraan sa pagbibigay ng balidasyon sa salin upang matiyak ang naging kaangkupan ng salin batay sa katangian ng komunikatibong salin na inilalahad ni Newmark (1988). Ang karaniwang proseso ng pagsasalin na natatapos sa pagtataya gamit ang pagbabalik-salin o suring-hambingan na nakabatay ayon kina Nida at Taber (1982) ay binigyan ng bagong hugis sa pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagdidisenyo ng bagong metodo sa pagsukat ng kaangkupan ng salin batay sa komunikatibong katangian nito. Pinakatampok sa pagtataya ng saling ito ang paghahambing ng reaksyon ng mambabasa ng orihinal na teksto sa reaksyon ng mambabasa ng salin na magsisilbing sukatan ng pagtatagumpay ng salin.

Nagsilbing malaking oportunidad naman sa panig ng mananaliksik na magkaroon ng mga angkop na respondent sa pagsasaling ito. Nilahukan ng mga mag-aaral na nakapagsasalita at nakauunawa ng mga wikang Tsino, Ingles at Filipino ang Subok-Pag-unawa na nagsilbing batayan ng kaangkupan ng salin para sa target na mambabasa.

Sa huli, ang kinalabasan ng salin ay sinang-ayunang ng mga eksperto na naging angkop at matagumpay. Samantala, ang reaksyon ng mambabasa ng orihinal na teksto ay lumabas na nahahawig sa reaksyon ng mambabasa ng tekstong salin.

**Konklusyon**

Ang mga nabuong konklusyon ng mananaliksik batay sa isinagawang pagsasalin ng Analects ay ang mga sumusunod:

1. Sa pagsasalin ng Analects ay mabubuo ang konklusyon na ang Komunikatibong Pagsasalin ni Newmark (1988) ay naging mabisa sa pagsasalin ng aklat na ito at lalo itong nagiging epektibo kung isasagawa ang mungkahing yugto ng pagsasalin nina Newmark (1988), Larson (1984), Nida at Taber (1982) na; a.) Pagsusuri, b.) Paglilipat, at c.) Muling Paglikha.
2. Napatunayan sa pagsasaling ito na epektibong gamitin sa pagsasalin ng isang akdang Tsino ang orihinal na pangalan ng tao, lugar, bagay o konsepto at hindi na ito kailangang bigyan ng katumbas na pangalan sa TUNGUHING WIKA bagaman naiiba ang pormulasyon at paraan ng pagbigkas sa mga ito.
3. Kaugnay ng ikalawang konklusyon, mapananatili pa rin ang mensahe ng tekstong SL kung gagamitin sa salin ang orihinal na salita ng SL na may kabuhol na kultura. Nagiging komunikatibo pa rin ang salin ng mga salitang kultural kung matapos itong hiramin nang ganap ay lalagyan ito sa salin ng agarang paliwanag upang mabuo ang konteksto sa mambabasa ng TUNGUHING WIKA. Dagdag pa rito, magiging angkop din ang pagsasalin kung ihahanap ng panumbas o popular na salin sa TUNGUHING WIKA ang salitang kultural na mula sa SL. Lumalabas na ang preskriptibong katangian ng komunikatibong salin na gumamit ng mga leksikal na salita sa TUNGUHING WIKA ay mapanghahawakan pa rin at angkop pa ring gamitin.
4. Napatutunayan din sa pagsasaling ito na maaaring magbago ang istilo o ayos ng pangungusap sa salin ngunit nananatili ang mensahe o kahulugan ng tekstong SL. Hindi nagiging problema sa pagsasalin ang istruktura ng pangungusap hanggat naililipat nang wasto ang mensahe ng tekstong SL. Napatunayan rin sa pagsasaling ito na sa pagkakataong mahirap isalin ang salita sa SL ay maaari itong isalin sa paraang ipinaliliwanag ang konteskto ng salita. Nagiging komunikatibo ang salin ng mga salitang SL na mahirap tumbasa sa TUNGUHING WIKA kung ipagpapauna ng tagasalin ang

pagbibigay ng konsiderasyon sa limitasyon ng wika at kakayahang pampag-unawa ng mambabasa ng TUNGUHING WIKA.

5. Ang mga salitang kultural ay maaaring hiramin nang buo kung may taglay na natatanging kahulugan mula sa SL upang maipakilala sa mambabasa ng tekstong TUNGUHING WIKA. Pinatunayan sa pagsasaling ito na hindi nahirapang kilalanin ng mambabasa ng TUNGUHING WIKA ang mga salitang nakaugat sa kultura ng SL na hiniram nang ganap. Lumalabas na ang mambabasa ng TUNGUHING WIKA ay nagkakaroon pa ng higit na pagkaunawa sa mga kultural na salita sapagkat nabibigyan ang mga ito ng panibagong halimbawa kung paano ginagamit o binibigyang kahulugan ang salita sa konteksto ng TUNGUHING WIKA.
6. Nasusukat ang pagiging komunikatibo ng isang salin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng paghahambing ng kinalabasan ng pagtataya sa mambabasa ng SL at mambabasa ng TUNGUHING WIKA.
7. Sa pagsasagawa ng isang relay translation, nangangailangan ng mga ekspertong susuri hindi lamang sa dalawang wikang kasangkot (unang salin at wikang pagsasalinan) kundi pati na rin sa wika, kasaysayan at kultura ng orihinal na teksto. Ang mga ekspertong ito ay may malaking papel sa pagtataya at kumpirmasyon ng kaangkupan ng isasagawang pagsasalin.

**Rekomendasyon**


1. Iminumungkahi sa mga mag-aaral at susunod pang mga magsasalin ang pagpapatuloy ng pagsasalin sa Filipino ng taTunguhing Wikao pang klasikal na aklat ng bansang Tsina; Great Learning ni Zeng Zi, Doctrine of the Mean, at Mencius, tungo sa lalong ikauunlad ng wikang Filipino sa disiplina ng Pilosopiya at Kasaysayan na daan sa pag-unlad ng pagpapahalagang pangkatauhan at kagalingan ng lipunan…
2. Hinihimok rin ang mga guro na magsalin pa ng iba pang uri ng teksto na magagamit sa pagtuturo bilang dagdag na babasahin na nasa uring makapaglalapit ng damdamin ng mambabasa sa wikang Filipino…
3. Hinihikayat ang mga administrador na bumuo ng isang glosaryo ng mga katawagang Tsino na makatutulong sa mga mag-aaral at guro na nagnanais na maging pamilyar at matuto ng wikang Mandarin at Filipino…



## *Isaisip*


**Panuto:** Ibigay ang pagkakaiba-iba sa kahulugan ng salitang "Konklusyon" sa iba't ibang sulating akademiko. Isulat ang talahanayan sa iyong sagutang papel.

| Akademikong Sulatin | Terminolohiya | Kahulugan |
|---|---|---|
| Abstrak | | |
| Talumpati | | |
| Posisyong Papel | Konklusyon | |
| Replektibong Sanaysay | | |
| Pictorial Essay | | |



## *Isagawa*

**Panuto:** Sumipi ng dalawang kopya ng magkaibang sulating akademiko. Ipakita ang kahulugan ng mga terminolohiya ng isang piling akademikong sulatin sa pamamagitan ng paghahambing sa dalawang halimbawa nito. Bilugan ang mga magkakatulad na terminolohiya sa dalawang sulatin at ipaliwanag sa iyong sagutang papel ang nakikita mong pagkakaiba sa kahulugan ng mga terminolohiyang binilugan.




## *Tayahin*

**Panuto:** Isulat ang salitang **Tama** kung ang pangungusap ay naglalahad ng katotohanan at **Mali** naman kung hindi katotohanan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang sulating abstrak ay nagpapakita ng larawan at gumagamit ng terminong kapsyon.
2. Ang kahulugan ng paksa sa *Bionote* ay taong inilalarawan.
3. *Target* na *budget* ang naglalaman ng iskedyul kung gaano katagal ang proyekto.
4. Ang apila sa madla ay mababasa sa isang pyesang pantalumpati.
5. Ang konklusyon ay listahan ng mga batayan kung saan hinango ang mga impormasyon.
6. Ang lakbay-sanaysay ay kakikitaan ng terminong *budget.*
7. Abstrak ang nagtataglay ng mga natatanging ambag ng may-akda.
8. Ang bawat posisyong papel ay kinakailangang gumagamit ng terminong rasyunal.
9. Ang resulta ng pag-aaral at pagsusuri sa mga datos ay tinatawag na kinalabasan ng pag-aaral.
10. Siniping pahayag ang mga patunay sa kaisipan na pinatutunayan sa sulatin.

## *Karagdagang Gawain*

**A. Panuto:** Lumikha ng Akademikong Sulatin na hinihingi sa *graphics*. Sundin ang alituntunin at pamantayan na ibibigay ng iyong guro. Isulat ito sa iyong sagutang papel.




## *Susi sa Pagwawasto*

**Tuklasin**
Maraming Posibleng Sagot

**Balikan**
1. C
2. E
3. D
4. A
5. F

**Pagyamanin**
Gawain 1.
Maraming Posibleng Sagot
Gawain 2.
Maraming Posibleng Sagot

**Subukin**
1. C
2. A
3. D
4. C
5. D

**Tayahin**
1. M
2. T
3. M
4. T
5. M
6. T
7. M
8. T
9. T
10. T

**Karagdagang Gawain**
Maraming posibleng sagot

**Isaisip**
Maraming iba-ibang sagot

**Isagawa**
Maraming iba-ibang sagot

## *Sanggunian*


**Mga Aklat**

Mendoza, A. S. 2017. TEKSTO AT KONTEKSTO TUNGO SA KOMUNIKATIBONG PAGSASALIN NG THE CONFUCIAN BIBLE BOOK 1. ANALECTS. Pananaliksik. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Maynila

_____________. 2015. Salamhay ikalimang edisyon. A & C publishing house. Manila. Philippines.

_____________. 2010. Salamhay ikalawang edisyon. A & C publishing house. Manila. Philippines.

_____________. 2009. Salamhay unang edisyon. A & C publishing house. Manila. Philippines.

**Mga Larawan**

Larawan ay sipi mula sa http://rebeccahgiltrow.blogspot.com/2014/02/klwg-february-2014.html

Larawan ay sipi mula sa https://filipinosapilinglarangblog.wordpress.com/2017/10/13/katitikan-ng-pulong-sa-barangay-isang-halimbawa/

Larawan ay sipi mula sa Bitmoji.com



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph